★ PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 55 ★

Pinipigilan ng Proposisyon 55 ang pagbabawas ng bilyun-bilyong badyet nang hindi tinataasan ang buwis sa pamamagitan ng pagtitiyak na patuloy na binabayaran ng mga pinakamayaman sa California ang kanilang bahagi rito. Nag-aatas ang 55 ng mahigpit na pagtutuos at malinaw na impormasyon upang matiyak na nakakarating sa silid-aralan ang mga pondo. Hindi na tayo maaaring bumalik sa panahong nahihirapan tayo sa pagbabawas ng pondo at maraming guro ang nawawalan ng trabaho.

Katotohanan 1: Hindi itataas ng Proposisyon 55 ang buwis ng sinuman.

• *Hindi nagtataas ng buwis ng sinuman.* Pinapanatili ng Proposisyon 55 ang kasalukuyang antas ng buwis sa kita ng ilan na kumikita nang mahigit sa $500,000 kada taon. • *Nakakaapekto lang sa mga pinakamayaman sa California na makakapagbayad nito,* at pagtitiyak na nababayaran nila ang bahagi nila sa buwis. • *Pinapababa ang buwis sa pagbebenta.* Sa ilalim ng Proposisyon 55, mababawasan ang buwis sa pagbebenta ng lahat ng mamamayan ng California.

Katotohanan 2: Ang Proposisyon 55 ay may mahigpit na iniaatas sa malinaw na impormasyon at pagtutuos upang matiyak na makakarating sa silid-aralan ang mga pondo.

• *Napupunta ang pera sa mga lokal na paaralan at hindi ito magagalaw ng Lehislatura.* Tinitiyak ng mahigpit na iniaatas sa pagtutuos na mapupunta sa mga silid-aralan ang mga pondong nakatalaga para sa edukasyon, at hindi sa burukrasya o gastusin sa pamamahala. Pinapahintulutan ang kriminal na pag-uusig para sa anumang maling paggamit ng pera. • *Mga mandatoryong pagsusuri at mahigpit na iniaatas sa malinaw na impormasyon.* Dapat maglagay online ang mga lokal na paaralan sa distrito ng taunang pagtutuos upang magaratiya na alam ng mga mamamayan ng California kung sa paanong paraan at saan ginagastos ang mga pondo. • *Nagbibigay ng lokal na kontrol sa pagpopondo sa paaralan.* Nagbibigay ang Proposisyon 55 ng kontrol sa lokal na lupon ng paaralan na tukuyin ang mga pangangailangan ng mga estudyante.

Katotohanan 3: Pinipigilan ng Proposisyon 55 ang pagbabawas ng hanggang sa 4 na bilyong dolyar sa mga paaralan at ipinagpapatuloy nito ang pagbabalik ng nabawas na pondo noong panahon ng resesyon.

• Tumutulong ang *Proposisyon 55 na matugunan ang napipintong problema ng California sa kakulangan sa mga guro.* Kailangan ng estado ng tinatantyang 22,000 karagdagang guro, sa susunod na taon pa lang. Nagbibigay ang Proposisyon 55 sa lokal na paaralan sa distrito ng pera upang tumanggap ng mga guro at maiwasan ang sobrang bilang ng estudyante sa mga klase. • Tumutulong ang *Proposisyon 55 sa pagpapanumbalik ng sining at musika.* Malaki ang nabawas sa pondo ng mga programa sa sining at musika noong panahon ng resesyon. Tutulong ang Proposisyon 55 upang maprotektahan at mapanumbalik ang mga programang iyon. • *Ginawagawa nitong mas abot-kaya ang pag-aaral sa kolehiyo.* Pinipigilan ng Proposisyon 55 ang mga pagbabawas ng pondo sa kolehiyo ng komunidad sa California, upang maiwasan ang pagtaas ng matrikula at makatulong na mas magkaroon ng mga klase ang 2.1 milyong estudyante ng kolehiyo ng komunidad sa California. • *Nagpapalawig sa kakayahang magkaroon ng pangangalagang pangkalusugan para sa mga bata.* Ang mas malulusog na bata ay mas malulusog na estudyante. Masyadong maraming pamilya ang walang kakayahang makakuha ng karaniwang pangangalagang pangkalusugan, ibig sabihin, hindi nakakapasok ang mga estudyante o pumapasok sila nang may sakit. Tutulong ang Proposisyon 55 sa mga bata upang makapasok sa paaralan nang malusog at handang matuto, dahil karapat-dapat ang lahat ng bata na magkaroon ng de-kalidad na pangangalagang pangkalusugan, at hindi lang ang mga pinakamayamang mamamayan ng California.

Kailangan ng California na magpatuloy sa pagsulong, hindi na tayo maaaring bumalik sa mga panahon kung saan nahihirapan tayo sa maraming pagbabawas ng pondo sa mga pampublikong paaralan, kolehiyo at pangangalagang pangkalusugan.

30,000 guro ang nawalan ng trabaho, lumaki ang bilang ng mga estudyante sa isang silid, ang dumoble ang binabayaran sa mga kolehiyo ng komunidad.

Sinabi ni Gobernador Jerry Brown na mas maraming pagbabawas ng pondo ang kakaharapin natin kung hindi maipapasa ang Proposisyon 55.

Nagbibigay ang Proposisyon 55 ng malinaw na dapat piliin sa mga mamamayan ng California: sa pamamagitan ng pagboto ng OO, mapoprotektahan ang ating mga estudyante at anak mula sa mga malawakang pagbabawas ng pondo; sa pamamagitan ng pagboto ng HINDI, gagastos ang ating mga paaralan ng hanggang sa 4 na bilyong dolyar kada taon.

Nagsisimula nang makabangon muli ang mga paaralan ng California. Kapag naipasa ang Proposisyon 55, matitiyak na hindi na muling makakaranas ang ating mga anak ng isang yugto ng pagbabawas ng pondo. Ang hinaharap ng California ay nakasalalay sa hinaharap ng ating mga anak.

Dahil napakahalaga ng ating mga anak at ng paaralan.

Makikita ang mga detalye sa *www.YesOn55.com*

JUSTINE FISCHER, Presidente
PTA ng Estado ng California

ALEX JOHNSON, Tagapagpaganap na Direktor
Pondo para sa Pagdepensa sa Mga Bata—California

TOM TORLAKSON, Superintendente sa Pampublikong Pagtuturo sa Estado ng California

★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 55 ★

ANG PANSAMANTALA AY DAPAT PANSAMANTALA

Sinuportahan ng mga botante ang mas mataas na buwis sa kita at pagbebenta noong 2012 dahil nangako si Gobernador Jerry Brown na pansamantala lang ang mga ito.

Sobra ang badyet ng estado, dapat mawala ang mga pansamantalang buwis na ito, katulad ng ipinangako ng Gobernador.

MAKAKAAPEKTO ANG PROP. 55 SA MALILIIT NA NEGOSYO AT MARAMI ANG MAWAWALAN NG TRABAHO.

Sa Prop. 55, maraming mawawalan ng trabaho, magsasarado ang mga negosyo, at makakasama ito sa ating ekonomiya. Patataasin nito ang mga buwis ng mga maliit na negosyo sa California, at mas mahihirapan silang makagawa ng mga trabahong nagpapasweldo nang maayos.

HINDI NATIN MAPAGKAKATIWALAAN ANG MGA POLITIKO AT MGA ESPESYAL NA INTERES

Alam ng mga politiko at espesyal na interes na HINDI humaharap ang California sa mga pagbabawas ng pondo sa mga programa. Gusto lang nilang palakihin ang pamahalaan sa pamamagitan ng pagpapasa sa Prop. 55. Ginagamit nila ang mga anak natin at ang mga paaralan sa pagpilit sa mga botante sa pagsuporta nito. Huwag magpaloko.

GANAP NA NAPOPONDOHAN ANG MGA PAARALAN

Tumaas nang 24.6 na bilyong dolyar mula noong 2012 ang paggasta sa Edukasyon—isang 52% pagtaas.

Pinopondohan ang mga paaralan, at balanse ang badyet ng estado.

Mayroon tayong 2.7 bilyong dolyar na sobra at mahigit sa 9.4 na bilyong dolyar sa mga nakareserbang badyet.

Sa Prop. ng Prop. 55.

HUWAG MAGPALOKO SA PANANAKOT, HINDI KINAKAILANGAN ANG PROP. 55.

Ipinapakita ng opisyal na pagtatantya ng badyet ng di-partidistang Manunuri ng Batas ng estado na HINDI kinakailangan ang mas mataas na buwis upang mabalanse ang badyet at ganap na mapondohan ang mga paaralan.

Magagawa ng California na pondohan ang edukasyon, pangangalagang pangkalusugan at pamahalaan ng estado nang walang mga bago o mas mataas na buwis.

BUMOTO NG HINDI SA PROP. 55

JON COUPAL, Presidente
Howard Jarvis na Kapisanan ng mga Nagbabayad ng Buwis

TOM SCOTT, Tagapagpaganap na Direktor ng Estado
Pambansang Pederasyon ng mga Independiyenteng Negosyo—California

TERESA CASAZZA, Presidente
Kapisanan ng Mga Nagbabayad ng Buwis sa California

Ang mga pangangatwirang nakalimbag sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga awtor, at ang katumpakan ng mga ito ay hindi nasuri ng anumang opisyal na ahensiya.

★ PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 55 ★

Noong 2012, inaprobahan ng mga botante ang Proposisyon 30 na pagtaas ng pondo dahil ipinangako sa ating pansamantala ang mga ito at matatapos din pagdating ng 2017.

Ngayon, hindi na gustong tuparin ng mga espesyal na interes ang pangakong iyon at gusto nilang palawigin ang pagtataas ng buwis sa loob ng mahigit 12 taon pa.

Hindi iyon pansamantala.

Narito ang opisyal na titulo mula sa panukala noong 2012:

Ang Prop. 30: Mga PANSAMANTALANG buwis upang pondohan ang edukasyon at garantisadong pagpopondo para sa kaligtasan ng lokal na publiko. Inisyatibong Susog sa Saligang-batas.

ANG PANSAMANTALA AY DAPAT PANSAMANTALA

Sinuportahan lang ng mga botante ang mas mataas na buwis sa kita at pagbebenta noong 2012 dahil ipinangako ni Gobernador Jerry Brown na pansamantala lang ang mga ito:

"ITO AY ISANG PANSAMANTALANG BUWIS AT, HANGGANG SA MAY MAGAGAWA AKO, MANANATILI ITONG PANSAMANTALA."—*Gobernador Brown, Sacramento Bee*, 10/7/14

Ipinangako ni Gobernador Brown na magtatagal lang ang mas mataas na buwis sa loob ng ilang taon at mawawala na ito. Ngayon, gusto ng mga espesyal na interes na palawigin ang mga ito sa loob ng 12 taon pa—hindi iyon "pansamantala."

Nakabangon na ang ekonomiya ng California at ngayon ay mayroon na tayong SOBRA SA BADYET.

HINDI NATIN KAILANGAN NG MAS MATAAS NA BUWIS

May balanseng badyet ang California, nabawasan na ang ating utang, tumaas na ang paggasta sa paaralan, nakapaglagay na tayo ng bilyun-bilyon sa "pondo para sa emerhensiya" ng California at mayroon pa rin tayong 2.7 bilyong dolyar na sobra sa badyet.

Mas maraming nalilikom ang California na dolyar sa buwis kaysa sa kailangan natin taun-taon—ito ang dahilan kung bakit nakabangon ang badyet ng estado mula sa 16 na bilyong dolyar na kakulangan noong 2012 hanggang sa 2.7 bilyong dolyar na sobra nitong 2016.

Tumaas nang 24.6 bilyong dolyar mula noong 2012 ang paggasta sa Edukasyon—isang 52% pagtaas.

Tumaas nang 2.9 bilyong dolyar ang paggasta ng Medi-Cal—isang 13% pagtaas.

MAGAGAWA NATING PONDOHAN ANG EDUKASYON, PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN, AT PAMAHALAAN NG ESTADO NANG WALANG MGA BAGONG O MAS MATAAS NA BUWIS

Isinaad ni Gobernador Brown at ng mga pagtatantya ng badyet ng Manunuri ng Batas na hindi kailangan ng mas mataas na buwis upang mabalanse ang badyet.

Mayroon tayong sapat na pondo para sa mga paaralan at iba pang mahalagang kinakailangan—kailangan lang ng mga politikong may lakas ng loob na magbawas ng nasasayang at gawing priyoridad ang ating paggasta. Hindi natin kailangan ang pinakamalaking pagtaas ng pondo sa kasaysayan ng California, na magbibigay-daan sa pagpapadala ng milyon-milyon pa sa Sacramento nang walang ipapakitang pagtutuos sa mga botante.

MAKAKAAPEKTO ANG PROP. 55 SA MGA MALIIT NA NEGOSYO SA CALIFORNIA SA PAMAMAGITAN NG MAS MATAAS NA BUWIS SA LOOB NG 12 TAON

Makakaapekto ang panukalang ito sa mga maliit na negosyo na madalas magbayad ng buwis sa kita ng kanilang negosyo sa pamamagitan ng kanilang personal na buwis sa kita. Ang Prop. 55, maraming mawawalan ng trabaho, magsasarado ang mga negosyo, at makakasama ito sa ating ekonomiya.

GUSTO LANG NG MGA ESPESYAL NA INTERES NG HIGIT PANG KITANG GAGASTUSIN NGAYON

Patas lang ipagpalagay na ang pera sa Prop. 55 ay gagastusin sa pagbabayad ng benepisyong pensiyon at iba pang utang ng estado sa halip na gamitin ito sa silid-aralan o paggawa ng mga kalsada. Parang magiging loterya ito—hindi natin malalaman kung saan mapupunta ang pera.

HINDI NATIN MAPAGKAKATIWALAAN ANG MGA POLITIKO AT MGA ESPESYAL NA INTERES

Alam ng mga politiko at espesyal na interes na HINDI humaharap ang California sa mga pagbabawas ng pondo sa anumang mga programa ngayon. Gusto lang nilang palakihin ang pamahalaan sa pamamagitan ng pagpapasa sa Prop. 55—ang pinakamalaking buwis ng estado sa buong kasaysayan.

Alamin ito: Mayroong 2.7 bilyong dolyar na sobra ang California at mahigit sa 9.4 na bilyong dolyar sa mga nakareserbang badyet.

Hindi kailangan ng bago at mas mataas na buwis.

DAPAT TUPARIN NG CALIFORNIA ANG SINABI NITO: ANG PANSAMANTALA AY PANSAMANTALA

BUMOTO NG HINDI SA PROP. 55—ISA ITONG HINDI TINUPAD NA PANGAKO

JON COUPAL, Presidente
Howard Jarvis na Kapisanan ng mga Nagbabayad ng Buwis

TOM SCOTT, Tagapagpaganap na Direktor ng Estado
Pambansang Pederasyon ng mga Independiyenteng Negosyo—California

KGG. QUENTIN L. KOPP, Retiradong Hukom sa Hukumang Superyor

★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 55 ★

Bumoto ng OO sa 55. Tulungan natin ang ating mga anak na magsikap.

Tinitiyak ng Prop. 55 na hindi na tayo babalik sa malawakang pagbabawas ng badyet sa pagpopondo ng paaralan. Pinoprotektahan nito ang edukasyon at kalusugan ng ating mga anak.

Hindi itataas ng Proposisyon 55 ang buwis ng sinuman:

• Ang Prop. 55 ay *nagpapanatili sa kasalukuyang antas ng buwis* sa mga pinakamayamang mamamayan ng California upang matiyak na patuloy na mababayaran ng ilang kumikita nang mahigit sa $500,000 sa isang taon ang kanilang bahagi. • Hindi itinataas ng Proposisyon 55 ang mga buwis sa mga maliit na negosyo. • Sa ilalim ng Proposisyon 55, mababawasan ang buwis ng estado ayon sa nakaplano sa pagtatapos ng 2016.

Pinipigilan ng Proposisyon 55 ang pagbabawas ng hanggang sa 4 na bilyong dolyar kada taon sa badyet sa pagpopondo sa pampublikong paaralan:

• Tumutulong ang Proposisyon 55 sa pagtugon sa kakulangan ng mga guro at nagpapatuloy sa pagpapanumbalik ng pagpopondo sa paaralan na nabawas noong panahon ng resesyon. • Tumataas ang antas ng nagsisipagtapos sa mataas na paaralan sa California sa loob sunud-sunod na anim na taon. Tutulong ang Prop.55 sa pagpapatuloy ng progreso.

Ang Oo sa 55 ay may mahigpit na iniaatas sa pagtutuos at pananalapi upang matiyak na makakarating nang diretso sa silid-aralan ang mga pondo:

• Ayon sa Saligang-batas, garantisado na mapupunta ang kita sa espesyal na account para sa mga paaralan at pangangalagang pangkalusugan ng mga bata na *hindi magagalaw ng Lehislatura.* • Susuriin ang pera kada taon. Ilalagay ang mga matutuklasan sa pagsusuri sa *http://trackprop30.ca.gov/* nang sa gayon ay makita ng mga nagbabayad ng buwis kung saan ginagastos ang kanilang pera.
• May mga mahigpit na iniaatas na ang pagpopondo ay dapat mapunta sa silid-aralan, at hindi sa administrasyon o burukrasya ng Sacramento.
• Pinapahintulutan ng Proposisyon 55 ang kriminal na pag-uusig para sa anumang maling paggamit ng pera. • Ang pagpapatuloy ng mga kasalukuyang antas ng buwis sa mga mayaman ay nakasalalay sa boto at kagustuhan ng mga tao.

ERIC C. HEINS, Presidente
Kapisanan ng Mga Guro ng California

BETTY T. YEE, Kontroler ng Estado ng California

ANN-LOUISE KUHNS, Presidente
Kapisanan sa Ospital para sa Mga Bata ng California